INTERNATIONAL NAPASA ( September 3rd, 2024 )

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG HULYO SA LOOB NG SIYUDAD

7月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Hulyo ay nagkaroon ng kabuuang 29 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Shinomiya na may 3 kaso at tag-2 ksa lugar ng Beniyacho, Yokouchi, Matsukazecho at Tamura. Kahit na nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng 7 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng Ookami at Tamura ng may 2 kaso. Ipinapayong kapag ipinarada ang Motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagin rin ng kandadong panlaban sa mga magnanakaw.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa September 8 magkakaroon ng open market na “***SUNSUN・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 3)IMPORMASYON SA PAGSISIMULA NG CASHLESS NA EKONOMIYA SA PASILIDAD

平塚市の施設でのキャッシュレス決済開始のお知らせ

Mula sa September 3 (Tuesday) ay maaari nang gamitin ang pagbabayad ng Electronic money sa Heated Swimming Pool at Training Room sa General Gymnasium ng Hiratsuka City. Para sa mga detalye ay makikita sa ***HOME PAGE*** ng Hiratsuka City. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***SOGO KOUEN MANAGEMENT OFFICE (SOGO KOUEN KANRI JIMUSHO)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-35-2233 ( 0463-35-2233).**

## 4)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG SEPTEYEMBRE

9月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba’t-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***UNDERWATER EXERCISES, YOGA, STRECTH EXERCISES, TENNIS*** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Para sa iba pang mga katanungan ay maaaring tumawag sa ***TOWN PLANNING FOUNDATION ( MACHI ZUKURI ZAIDAN ),*** Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay sa September 13 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.

## 5)UKOL SA MGA NAGPAPADALA SA POST OFFICE PAPUNTA SA IBANG BANSA

外国へ郵便物を送る方のお知らせ

March 1, 2024 ang mga ipinapadala sa Post Office papuntang ibang bansa ay hindi na gagamitin ang label na sulat kamay kung hindi ay idadaan na sa "***MY PAGE INTERNATIONAL POSTAL SERVICES***" at gagamitin ang ipinatutupad na label at ididikit sa inyong ipadadala.